

1

“Mhaya! Mhaya! Gising na!”

Naalimpungatan si Mhaya sa tinig ng kanyang Yaya Sering.

“Good Morning. Maaga pa, matulog pa tayo” utal ni Mhaya sa mahinang boses na tila inaantok pa. Kinabig niya ang matanda at hinila sa kama. Dali-dali namang bumangon ang katulong at muli ay ginising siya.

“Eh, alas nuebe na, hija. Mukhang late ka na naman.”

“Hah?!” Bigla siyang nagdilal ng mga mata at dali-daling bumangon. “Nine na? Paano nangyari ‘yun? Hindi nag-alarm ang cellphone ko.”

Bumuntong-hininga ang matanda.

“Hija, ‘yun ay dahil hindi ka naman talaga nag-set ng alarm,” wika nito habang pinapanood si Mhaya na tarantang nag-aayos para pumasok sa eskwela.

“I’m late! I’m late! I’m late!” sigaw niya habang nag-aayos ng gamit. “Yaya, pakihanda

nga po ang breakfast ko!” baling niya sa matanda.

“Nakahanda na, hija. At hinihintay ka na din ng daddy mo. Bilisan mo riyan at masesermonan ka na naman,” sagot ng matanda bago iniwan si Mhaya sa kanyang kwarto.

Haay... Bakit ba parati akong late? Nakakalimutan ko pang mag-alarm. Kainis! bulong niya sa sarili matapos makaligo at mag-ayos para makahabol sa klase niya.

Tumungo siya agad sa komedor kung saan naroon ang kanyang ama na abala sa pagbabasa ng diyaryo. Naupo siya kaharap nito.

“Good morning, Dad. Kain po,” bati niya bago umpisahang kumain.

Ibinaba ng kanyang ama ang diyaryo at tumingin sa kanya. “Maurine Aisne Medina!” sigaw nito. “Late ka na naman, anong oras na? Mhaya, anak, kailan ka ba papasok nang maaga sa klase mo? Aba, eh huling sem mo na ito, pa-ganyan ganyan ka pa.”

“Dad,” sabad niya. “I’m earlym okay? Maaga pa para sa susunod na klase ko.”

“Ayan, at nagpapalusot ka pa! Absent ka

na naman sa first class mo dahil late ka. Sumeryoso ka dahil graduating ka na. Hindi dahil ikaw ang magmamana ng kompanya ay magiging pabaya ka na sa pag-aaral mo.”

Mahaba-haba ang litanya ng kanyang ama ngunit nagpatuloy lang siya sa pagkain.

Hindi dahil ikaw ang magmamana ng kompanya ay magiging pabaya ka na sa pag-aaral mo... inulit ni Mhaya sa isip niya ang sinabi ng ama. Yes, I know that, okay. I'm the only heir of the company blah blah blah. You're talking about business again and I hate it. Paminsan-minsan ka na nga lang andito sa bahay, sinisermonan mo pa ako. You're a busy person. Hindi ba dapat busy ka ngayon?

Yes, indeed. Her father, Romero Medina, is a busy person. He owns a big textile company. Add that they are one of the prominent people in the business world. Maliban sa kompanya ay may ari-arian at bussiness din ito na nakakalat sa bansa. In short, isa sila sa mayayamang pamilya sa Pilipinas.

At siya lang naman ang tagapagmana ng lahat. Si Mhaya ang kaisa-isang anak ng mga magulang niya. Namayapa ang kanyang ina noong nasa unang taon siya sa kolehiyo dahil

sa stroke. Mula nang mamatay ito ay lagi na lang busy ang ama niya. Dahil wala ito madalas ay unti-unti siyang natutong maging pilya. Di kalaunan ay sinusuway niya ang mga utos ng ginoo.

Laging business ang pinagkakaabalahan nito kaya sa pagdadalaga niya ay natuto siyang mamuhay sa paraang gusto niya. She practically enjoys her life the way she wanted to. Hindi siya ganoong maluho sa buhay dahil simple lang ang gusto niya at iyon ay ang gawin ang ninanais niya na hindi laging inuutusan. She just wanted to feel free doing what she wanted to do.

“Nakikinig ka ba, Mhaya?” tanong ng kanyang ama.

Tinapos niya ang pagkain bago magsalita. “Yes, Dad. I’m listening.”

“Sige ulitin mo ang sinabi ko,” utos nito sa kanya.

“Dad, kung uulitin ko ‘yun, male-late na talaga ako. Kukuha pa ako ng admission slip. Baka tamarin pa akong kumuha kaya baka a-absent na lang ako,” pasaway na sagot niya

bago hablutin ang shoulder bag at dali-daling tinungo ang garahe kung saan naka-park ang kotse niya.

Yes! Natakasan ko si Daddy!

Hindi pa man niya nabubuksan ang pinto ng sasakyan ay tinawag siya ng kanyang ama. Napalingon siya.

“Mhaya, nakalimutan mong hindi ka nagpagasolina kahapon kaya mag-taxi ka.”

Patay! Late na talaga ako. Haay! Ang ulyanin ko talaga, kainis!

Paalis na siya ng bahay nang muli siyang tinawag.

“Mhaya,” inabot nito ang kanyang toothbrush. “Mag-toothbrush ka pagkarating mo sa school. Ang baho ng hininga mo,” biro nito.

Natawa na lang siya sa paglalambing ng kanyang ama. “Dad naman eh!” Kinuha niya ang toothbrush at nagbeso rito.

Tatalikod na siya ay inabot sa kanya ang isang envelope.

“Eto pa pala. Ibigay mo kay Brian. Nakalimutan niya kanina.”

Umismid siya bago kunin ang envelope.

Ibibigay ko 'to sa kumag na 'yun? aniya sa sarili habang naglalakad sa hallway. At saan ko naman hahanapin 'yun? Bakit kasi iniwan. Engot talaga.

Hinanap niya sa buong campus si Brian hanggang sa mamataan niya ito sa basketball court.

Hah! Anjan ka lang pala, Brian Mathew Francisco!

Si Brian ay anak ng isa sa mga matalik na kaibigan ng kanyang ama na kinupkop nila mula nang mamatay ang mga magulang nito dahil sa isang aksidente. Ang ama din niya ang umako sa responsibilidad na humawak sa trust fund ni Brian, dahil walang ibang mapagkakatiwalaan ang mga magulang nito. Nasa ikatlong taon si Mhaya sa kolehiyo nang manirahan sa kanila si Brian. Nasa iisang paaralan sila kaya okay lang sa daddy niya. Natuwa ito at may makakasama na daw itong mag-golf at mag-gym. Natuwa din siya dahil may makakasabay siyang pumasok ngunit tila mailap sa kanya si Brian.

Sa isang sem na magkasama sila ay maganda

naman ang pakikitungo nila sa isa't isa. Nagbago lang ang lahat nang pinili siyang ka-team ni Brian sa isang debate competition. Outstanding student si ito, varsity player at talaga namang crush ng bayan. Sino ba ang hindi magkakagusto sa isang matalino na, gwapo pa?

Si Mhaya naman ay isa sa mga debater ng college nila kaya siya ang kinuha ni Brian na ka-team. Buong akala ng lalaki ay mananalo sila ngunit sa hindi inaasahang pagkakataon ay pinatalo sila ni Mhaya dahilan para bumaba ang rating ni Brian at mabasted pa ng nililigawan. Ipinangako ng nililigawan nito na sasagutin ang lalaki kapag nanalo sila sa competition. Ang masama pa roon ay nabasted ito sa harap pa ng varsity team na ikinahiya nito nang todo.

Hanggang ngayon ay naaalala pa rin ni Mhaya ang eksena kung saan nag-away sila.

“Alam mo bang mahalaga sa akin ang debate competition na ‘to!’” sigaw ni Brian sa kanya.

Nasa bahay na sila noon at nagkibit-balikat lang siya.

“Alam ko! Dahil sasagutin ka ni Laine kapag

nanalo tayo.”

“Eh bakit hindi ka nag-justify sa sagot mo kanina? ‘Yan tuloy natalo tayo. FYI, unang babaeng sineryoso kong ligawan si Laine. Hindi lang ‘yun, napahiya pa ako dahil dito at dahil na rin sa ‘yo!”

“Ay naku! Eh, kasalanan ko ba kung may usapan kayong ganoon? Sa tinamad na akong sumagot eh. Ikaw kasi masyadong confident. Mayabang ka! Kasalanan mo yan!”

Kita sa hitsura ni Brian ang matinding pagkadismaya.

“Ang labo mo! Akala ko matalino ka! Tubig lang pala ang laman niyang utak mo!”

“Aba! Hoy! Wala kang karapatan na insultuhin lang ako dahil sa nabasted ka,” asik niya.

“Ewan ko sayo! Lunatic woman!”

“Tse! Irrational man!”

Simula noon ay hindi na sila nagkasundo sa kahit ano mang bagay. Nakatira sa iisang bahay ngunit tila sila estranghero sa isa’t isa. Daig pa nila ang mortal na magkaaway sa tuwing magtatagpo sila. They will always have conflicting ideas and would just end up

insulting and irritating each other. Tila hindi makokompleto ang araw nila kapag hindi sila nagbabangayan.

“Hoy kumag!”

Napalingon si Brian sa pamilyar na boses at sa kaisa-isang taong tumatawag sa kanya ng ganoon. *Haay! Eto nanaman si baliw*, bulong niya sa sarili.

“Huy, Brian, si Mhaya oh. Parating dito. Seksi talaga! Witwiw!” bulalas ni Leo na nasa tabi niya, kapwa niya varsity at best friend. “Pare, ipaligaw mo na sa akin ‘yan. Balita ko split na sila n’ung si John, sayang ang ganda niya.”

Lumingon siya sa katabi. “Pare! Unang-una, hindi yan seksi, nililinlang ka lang ng paningin mo! Maganda? Oo, para sa standards mo at hindi sa akin. At ganyan talaga ‘yan, konti na nga lang ang pumapatol bini-break pa. Tantanan mo ‘yan, hindi maganda ang magiging impluwensya niya sa ‘yo kung nagkataon,” saway niya sa kaibigan.

“Eh, baka naman ikaw ang nililinlang ng paningin mo. Sa tagal ba naman ninyong

magkasama sa iisang bahay, eh, hindi mo binalak ligawan?”

“Wala akong panahon sa kanya. Higit sa lahat, wala akong balak. Tumahimik ka na at nandito na siya.” Bumaling siya ng tingin kay Mhaya na papalapit sa kinaroroonan nila.

“Kumag, andito ka pala hinanap kita kung saan-saan. Pinagod mo pa ako.” Iniabot nito ang envelope. “ ‘Yan! Pinabibigay ni Daddy.”

“Dapat kanina mo pa ito binigay. Siguro sinadya mo na naman para hindi ako maka-submit ng project ko. Ang sama mo talagang tao.” Napailing-iling siya.

“Hoy! Ambisyoso ka! Sorry ha? At may klase po ako kanina. Hindi ko na kasalanan kung iniwan-iwan mo ‘yan!” inismiran siya nito. “At akala ko kasi nerd ka kaya hinanap kita sa library, pero may friends ka din pala. Maganda ‘yan! Umpisa na para makihalubilo ka. Baka sumabog ‘yang utak mo sa kakaaral, sayang naman,” mapanuyang sabi ni Mhaya.

Bagaman isa siya sa kilalang tao sa paaralan nila ay hindi siya gaanong lumalabas dahil nagko-concentrate siya sa pag aaral. Hindi

siya nakikipag-socialize at sa aspetong ito siya dinidiin ni Mhaya.

“Mhaya, kalapit lang ng building ninyo ang library kaya doon ka pumunta, baka nga hindi ka pumasok doon eh. Palusot ka pa, palibhasa tamad ka,” ganti niya.

Bago pa man sila magkasagutan ay pumagitna si Leo.

“Hep! Hep! Hep! Tama na ‘yan. Alam n’yo para kayong mag-asawa na nag-aaway dahil walang pera,” natatawang biro nito. “Daig pa ata ninyo ang totoong mag-asawa sa mga bangayan ninyo. Sa tinagal ba ng pagkakalilala n’yo, eh, hindi n’yo ba binalak mag-usap nang mahinanon?” dagdag pa ni Leo. Alam na alam nito kung paano sila mag-away at kung ano ang puno’t dulo ng lahat.

“Tse! Isa ka din!” asik ni Mhaya. “Kahit kelan hindi ako magiging asawa ng kumag na ‘yan!”

Tumawa nang mahina si Brian bago humakbang palapit sa dalaga. “At sino’ng may sabi na pakakasalan kita, aber? Lunatic!”

“Hindi ako baliw!”

“Mhaya, pwede ba? Mag-aral ka na lang,

ha? Para naman magkalaman ‘yang utak mo at hindi ako ang pinepeste mo.”

Kitang-kita niya na nanggagalaiti na sa galit si Mhaya kaya muli ay pumagitna si Leo.

“Tama na ‘yan sabi eh! Ano ba? Mamayang gabi na kayo maglambingan, huwag dito, nakakahiya,” nanunuksong sabi nito.

Bago pa man sila makapagsalita ay hinila palayo ng kaibigan. “ ‘Bye, Mhaya,” paalam nito.

Nairita siya sa kaibigan kaya nang makalayo sila ay sinuntok niya ito. Mabuti na lang at mabilis nakailag si Leo at tumatawa pa.

“Anong mag-asawa! Upakan kita diyan eh!” sigaw niya rito.

Natawa lang si Leo at saka siya inakbayan. “Gutom lang ‘yan, pare!” natatawang sabi nito. “Away kasi kayo ng away. Dahil pa rin ba ‘yan doon sa debate competition? Napahiya ka man noon, tapos na. Let it go.”

“Pare, madami kaming hindi napagkakasunduan ng babaeng ‘yun. Bukod sa makitid ang utak niya, wala pa siyang ibang ginawa kundi magreklamo.”

“Ahh, madami ha? So, maliban sa sinabi mo, ano pa? Tell me everything.”

Walang siyang maisip na ibang dahilan kaya iniba ni Brian ang usapan para umiwas. Ang totoo ay ang debate competition lang naman talaga ang puno't dulo ng lahat. Mula nang matalo sila sa competition at nang hindi niya sadyang insultuhin si Mhaya ay nag-umpisa na silang mag-away. Napahiya siya nang todo dahil sa pagkabasted sa kanya kaya sa tuwing nakikita niya ang dalaga ay hindi niya maiwasan na sisihin ito.

Naghanap siya ng mga bagay na maari niya itong sitahin o di kaya ay pagalitan para makaganti. Ganoon din si Mhaya sa kanya kaya hindi niya ito inuurungan.

2

“Hoy bruha!” tawag ni Dareen kay Mhaya.

“Ay! Bakla!” gulat na sigaw niya. Nasa canteen siya at naabutan ng kaibigan na malalim ang iniisip. Isa si Dareen sa mga kaibigan niya maliban kina Kim na lesbian at si Mae na pinakakikay sa kanila.

“Gaga! Ginulat mo naman ako. Asan na ‘yung dalawa?” tanong niya kay Dareen.

Umupo ito sa harap niya. “Naku, girl, busy sila today. May date si Tomboy at si Mae naman nagsho-shopping kaya whether you like it or not, ako ang makakasama mo today,” malanding sagot nito. Umayos ito ng upo at tinitigan siya. “Anyway, ba’t parang ang lalim ng iniisip mo? Na-explore mo na siguro ang buong galaxy sa kakaisip?”

Inirapan niya ang kaibigan. “Gagi hindi! Naiinis lang kasi ako dahil sa kumag na ‘yun!”

Lumapad ang ngiti ng kaibigan pagkarinig sa sinabi niya. “Ay sabi ko na nga ba boylet eh. Si Fafa Brian ‘yun noh?” kinikilig na tanong nito. “Hula ko, nakita mo siya sa basketball court?”

Napakunot-noo siya. “Doon nga” aniya.

“Ano ba ‘yan! Sayang wala ako at nakita ko sana ang yummilicious niyang mukha at pagnasaan ang katawan habang tumutulo ang pawis abs sa niya at...” Isang hampas mula kay Mhaya ang nagpatigil kay Dareen.

“Aray ko naman!” daing nito sabay hawak sa ulo.

“Tumataas ang kilay ko! Tumahimik ka! Nakakadiri ‘yang iniisip mo! At kailan pa naging guwapo ‘yun?” saway niya.

Pinandilatan siya ng kaibigan. “At hula ko nag-away kayo.”

Umismid lang siya. Alam na ng kaibigan ang dahilan.

“Hindi na ba kayo nagsasawa na mag-away? Eh, noong panahon pa ng dinausours ‘yan ah!”

“Kasalanan nga niya eh!”

“Tse! Bruha ka! Hindi mo lang kasi matanggap na nainsulto ka niya lalo na ‘yang pride mo. ‘Kaw kasi, umaasa ‘yung tao tapos pinatalo mo. ‘Yan tuloy nainsulto ‘yang katalinuhan mo. At higit sa lahat, si Brian lang ang nangahas na

gawin sa ‘yo ‘yun!’” mataray na sabi nito.

Nagkibit-balikat si Mhaya. Totoo ang sinabi nito dahil iyon lang naman talaga ang dahilan kaya iniinis niya si Brian. Nainsulto siya sa sinabi nito noon. Wala naman talaga siyang balak ipatalo ang team nila, kaya lang noong nalaman niya ang tungkol sa usapan nito at ni Laine, ay nagbago ang isip niya.

Crush niya si Brian noon at akala niya ay magiging close sila dahil sa siya ang napili nitong ka-team. Nagselos siya kaya nagpatalo siya. Nainis siya noon dahil sa dual purpose ng lalaki. At dahil doon ay nainsulto pa siya na kailanman ay di niya matatanggap. Para makaganti ay iniinis niya ang binata sa bawat pagkakataon na meron siya.

“Helooooow! Earth to Mhaya!”

Napatingin siya sa kaibigan na kunot-noong nakatitig sa kanya.

“Bakit?” tanong niya.

“Ang lalim talaga ng iniisip mo! Hindi kita ma-reach!”

Pilit siyang ngumiti para maitago ang pagkairita.

“Anyway, balita ko wala na kayo ni John? Gaga ka talaga, eh ang bait niya.” Tumawa ito ng mahina bago nagsalita ulit. “Well, dahil single ka, lalabas tayo.”

Ngumiti siya at tumango. Gusto din naman kasi niyang lumabas hindi dahil sa nag-break sila ni John. Gusto niyang mag-relax. Ang totoo ay hindi naman talaga niya sineryoso ang lalaki kaya wala siyang pakialam sa sinasabi ng ibang tao sa kanya.

“Yehey! Boylets, here we come!” excited na sabi ni Daren.

Kinurot niya ito. “Bakla!” natatawang sabi niya.

“Matagal na!” tawang sagot nito.

Alas diyes na ng gabi ay hindi pa rin tumitigil si Leo sa pangungulit kay Brian na lumabas gayong wala namang pasok kinabukasan. Sinundan pa siya nito sa bahay nila.

“Sige na, pare. Labas na tayo. Kaya ka tinutukso ni Mhaya dahil hindi ka masyadong lumalabas. Napagkakamalan ka tuloy na nerd.”

“Pare, alam mo ba kung anong oras na? Oras na ng pagtulog. Tsaka, kahit pap’ano eh may social life naman ako,” depensa niya.

Napakamot ng ulo si Leo. “Oo nga meron, pero tanghaling tapat mo naman balak uminom. Ano kaya ‘yun?”

“Mabuti na ‘yung sikat pa ang araw.”

Nagkibit-balikat ang kaibigan. “Bahala ka! Basta ako, kukulitin kita kahit hanggang umaga pa.”

Nabahala siya na baka totohanin nga ng kaibigan ang sinabi kaya pumayag na din siya. Nagbihis siya at lumabas sila.

Ramdam na ni Mhaya ang pagkahilo dahil sa nainom na alak. Mula sa C.R. ay tinungo niya ang table nila ni Dareen para hintayin ang kaibigan na nakikipaglandian sa dance floor. Pinatatag niya ang sarili para hindi mahilo, pero mas malakas ang tama ng alak. Agad namang napansin iyon ng kaibigan at dali-daling bumalik sa table nila.

“Friend? Are you okay?” nag-aalalang tanong nito.

Umiling siya. “Topsy lang. Umuwi na tayo,” utal niya na bakas na sa kanyang kilos at galaw ang tama ng alak.

“Oh, sige. Wait lang at aayusin muna kita.”

Naka-tube na damit at minishorts siya kung kaya nag-aalala si Daren dahil baka mabastos siya lalo pa at nahihilo na.

Inilabas nito ang dala niyang jacket at pinasuot sa kanya. Halos hindi makagalaw si Mahaya kaya inalalayan siya nito. Nang makatayo siya ay pagewang-gewang na ang kanyang lakad. Hindi sinasadya ay may nabanga siyang isang lalaki.

Natapon ang iniinom nito at nabasa ang damit niya. Nahihilo na si Mahaya kaya hindi siya nakahingi ng paumanhin. Humakbang siya paalis nang bigla ay hinawakan ng lalaki ang kaliwang kamay niya dahilan para mapalingon siya.

“Aba! Bastos ka ah! Ikaw na nga itong nakabangga sa akin eh hindi ka man lang nag-sorry!” sigaw nito, hula niya ay mas matanda ito ng limang taon sa kanya. Lumapit sa kanya ang lalaki at tiningnan siya mula ulo hanggang

paa.

“Well, may hitsura ka naman. Why don’t you just dance with me to make up for what you’ve done to my shirt?” anito.

Hindi siya agad nakapag-react dahil nahihilo na siya.

“Bitawan mo ako,” sambit niya.

“Ahh eh, guwapo,” sabad ni Dareen. “Medyo nahihilo na kasi ‘tong kaibigan ko. Sorry. Ako na ang humihingi ng sorry sa ‘yo.”

Tila walang narinig ang lalaki at muli ay hinawakan nito ang kamay ni Mhaya. Hinila siya nito papunta sa dance floor. Walang nagawa si Dareen dahil hawak ito ng mga kasama ng lalaki.

“Sabing bitawan mo ako eh!” sigaw ni Mhaya habang pilit na kumakawala sa pagkakahawak ng lalaki.

Pagkapasok nina Brian at Leo sa bar ay namataan ng huli si Dareen. “Pare, diba kaibigan ni Mhaya ‘yun? Siguro nandito si Mhaya. Asan kaya siya?”

“Wala akong pakialam,” sagot ni Brian pero napalingon siya pagkarinig sa sigaw ni Mhaya. Alam niyang ang babae iyon dahil kilala niya ang boses nito. Hinanap niya kung nasaan ito at nakitang hinihila ng isang lalaki papunta sa dance floor.

Nanlaki ang mga mata niya at bigla siyang nakaramdam ng galit pagkakitang hawak ng lalaki ang kamay ni Mhaya. Mabilis niyang tinungo ang kinaroroonan nila at hinila ang dalaga.

“Pare! Sabi ng babae bitawan mo daw siya!” asik niya. Pagkatingin ng lalaki ay walang alinlangang sinuntok niya ito. Hinila niya agad si Mhaya dahil upang mapayakap ito sa kanya.

“She’s my girl, so keep off!” sigaw niya habang nakahawak sa beywang nito.

Hindi agad nakabangon ang lalaki dahil sa lakas ng suntok na natamo. Nabitawan din ng mga kasama nito si Dareen para alalayan ito.

Hindi pa naman tuluyang nawalan ng ulirat ni Mhaya kaya aware siya sa mga nangyayari. Kasalukuyan siyang nakayakap kay Brian. Amoy

na amoy niya ang pabango nito at ramdan din niya ang mga bisig nito na nakapulupot sa kanya. Gusto niyang maramdam pa ng matagal ang yakap nito ngunit unti-unti na siyang nahihila ng antok at pagkahilo. Hindi na niya namalayan ay tumiklop na ang kanyang mga mata.

“What?! Dad, is this a joke?” hindi makapaniwalang tanong ni Mhaya sa kanyang ama. “Brian would be my what?”

“Why do I get the same reaction?” napailing na wika ng kanyang ama. “Well yes, hija. And my decision is final.”

Napatayo siya sa kinauupuan. “Dad, you can’t do this to me!”

“You have no right to complain,” mahinahong sagot ni Romero habang inaayos ang mga papeles sa mesa nito.

“But, Dad...” paawang sabi ni Mhaya.

“No buts. Just bear with it. I have to go.” Kinuha nito ang bag at lumabas sa study room kung saan naiwan ang dalaga.

Is this real? bulong niya sa sarili. Napabuntong-hininga siya.

Ilang araw matapos ang insidente sa bar, kung saan naikuwento nina Dareen, Brian at Leo ang buong pangyayari sa kanyang ama ay nag-isip ito ng kaparusahan niya. Bukod sa hindi siya nagpaalam nang gabing iyon ay muntik pa silang mapahamak.

Ang unang ibinigay na kaparusahan niya ay magkakaroon siya ng driver na siyang maghahatid-sundo sa kanya, pero naisip ng kanyang ama na madali lang siyang makakatakas sa driver niya. Ngayon, mas matindi ang naisip nito dahil ginawa nitong bodyguard niya si Brian. Whether she like it or not, literal na magiging bodyguard niya ang binata. Sasamahan siya nito kahit saan man siya pumunta at dapat uuwi silang sabay hanggang sa matapos ang isang sem at maka-graduate sila.

I can't believe this! bulalas ni Brian sa sarili habang nagmamaneho papunta sa school. Kinausap siya ng Tito Romero niya kaya ganoon na lamang ang reaction niya. *Para akong*

yaya ng brat na 'yun! Isang buwan na nga lang bago ang graduation, nadadamay pa ako sa kalokohan niya! Lord? Ano'ng nagawa kong kasalanan? Bakit nangyayari sa 'kin 'to? Madami pa akong gagawing requirements, dagdag pa siya sa sakit ng ulo ko! Napabuntong hininga siya.

Mapapatawad na sana kita sa mga kasalanan mo noong debate competition, eh nagkamali ako! Buwisit! Hinampas niya ang manibela dahil sa sobrang pagkainis.

Muli ay naalala niya ang mga sandaling yakap-yakap niya si Mhaya. Kinailangan pa niyang sabihing kasintahan niya ito para makaligtas sa lalaking nambastos dito. Nang yakapin at binuhat niya ito dahil sa kalasingan ay ramdam niya ang buong katawan nito. Indeed, her body was warm and soft. Sa unang pagkakataon ay natitigan niya ito nang husto at bigla ay tila nawala ang galit niya. Maamo ang mukha nito. Hindi talaga maipagkakaila na maganda si Mhaya, morena at maganda ang hubog ng katawan.

Why am I thinking of her! saway ni Brian sa sarili. This is crazy! That brat is making me crazy!

Nakapangalumbaba si Mhaya sa mesa ng isang café habang hinihintay ang mga kaibigan. Hindi siya makapag-isip kung ano ang gagawin kaya tinawagan niya ang mga ito para humingi ng payo. Pagkarating nila ay ikinuwento niya agad ang lahat ng mga pangyayari at ang ginawang kaparusahan sa kanya.

“So, guys? Ano’ng gagawin ko?” tanong niya sa dalawa dahil tiyak niyang sang-ayon sa ama niya si Dareen.

Humarap sa kanya si Dareen. “Bruha ka! Huwag ka na kasing magmaktol. Ayaw mo n’on? Magkakasama kayo ni Fafa Brian,” malanding sabi nito. “Naku! Bagay na bagay talaga kayo nang gabing ‘yun lalo na nang yakapin ka niya. Ayyy, nakakakilig.”

Napakunot-noo siya. “Tse! Tumahimik ka at hindi ikaw ang tinatanong ko!” saway niya.

“Tol? Hindi naman ‘yan sa kung papayag ka sa desisyon ng tatay mo o hindi eh. Ang tanong, kung susunod ka ba o hindi?” wika ni Kim na nakaupo sa tabi niya.

“And sistah, hindi rin ‘yan tanong kung susunod ka o hindi, kasi kailangan mong

sumunod sa ayaw o gusto mo!” dagdag naman ni Mae.

“Eh, ano nga ang gagawin ko?” tanong muli niya.

“Sumunod ka s autos! Ang kulit!” korong sigaw ng tatlo.

Inismiran niya ang mga ito. “Ano ba ‘yan!”

Wala siyang nagawa kundi bumuntong-hininga. May katwiran ang mga kaibigan niya, kaya lang ayaw niyang makasama nang matagal si Brian dahil kinikilabutan siya kapag naaalala ang naramdaman niya nang magkayakap sila. Ayaw niyang malaman kung ano man iyon! *Haay! That bug is making me crazy!*

Monday. 9:00 AM.

Napatingin si Mhaya sa calendar sa cellphone niya. Ngayon ang araw na umpisang magiging bodyguard niya si Brian. Natuwa ang daddy niya dahil baka raw magkaroon na ng pagkakataon na maging magkaibigan sila ng binata.

Matapos magpaalam sa kanyang ama ay nagtungo na sila sa sasakyan. Naunang

pumasok sa loob ng sasakyan si Brian.

Kumag na 'to, hindi man lang ako pagbuksan. Anong klaseng bodyguard ka! bulong niya sa sarili bago sumakay.

Tumingin siya sa katabi. “Hoy! Kung hindi lang ako napilitan, hindi ko gugustuhin na makasabay ka! Sa lahat ng tao, ikaw pa ang pinagkatiwalaan ni Daddy sa kaisa-isang niyang anak.”

Pinaandar ni Brian ang makina at iginiya ang sasakyan palabas ng bahay. “Well, huwag kang mag-alala. The feeling is mutual.”

“Ayus-ayusin mo ang pagmamaneho at ayokong maaksidente kasama ka!”

“Huwag kang mag-alala dahil una akong tatalon palabas ng kotse kapag nangyari ‘yun!” diretsong sagot nito.

“Aba! At binalak pa akong iwan sa ere. Hoy kumag...”

Napatigil siya sa pagsasalita dahil biglang hininto ni Brian ang sasakyan. Kunot-noo siyang tumingin dito. “Hoy! Ano ba’ng problema mo!” sigaw niya.

Inis na kinuha nito ang kamay niya. “Eto, piso. Pagkarating natin sa school, bumuli ka ng kausap mo!” Inilagay nito sa palad niya ang barya. “Wala akong panahong makipag-usap sa ‘yo. Tumahimik ka na lang at huwag mo akong iniistorbo.”

“Anong busy? Saan?”

“Ewan ko sa ‘yo!” tipid na sabi nito. Kinuha nito ang earphone ng *iPod* at inilagay sa tainga bago pinaandar muli ang sasakyan.

Kunot-noo pa rin siyang nakatingin kay Brian. *Busy daw, nag-sounds naman. Ewan ko rin sa ‘yo!* Kinuha niya ang cellphone at nag-text na lang.

Pagkarating sila sa school ay umalis kaagad si Brian. *Ano’ng problema n’un?* Ayaw niya itong usisain kaya hinayaan na lang niya.

3

“Binigyan ka ng piso?” natatawang tanong ni Kim. “Aba! Loko din pala ‘yung isang ‘yun ah! Bilib na ako.” Tumawa itong muli. Naikwento niya sa mga kaibigan ang nangyari kaya tawang-tawa ang mga ito.

“Eh, ano na naman kasi ang ginawa mo?” tanong ni Dareen

“Wala nga. Ewan ko sa kanya.”

“Aba! Sister, I can’t believe hinayaan mo lang. Wala ka sigurong pambanat?” tawang sabi ni Mae.

Inismiran niya ito. Hanggang ngayon ay nalilito pa rin siya kung bakit ganoon si Brian kanina.

“And speaking of the guwapo, here he comes,” ani Dareen.

Napatingin siya sa entrance ng canteen kung saan nakita niya si Brian na papalapit sa kanila. Seryoso ang mukha nito.

“Mag-usap tayo,” diretsong sabi nito sa kanya. “In private.”

Nagpaalam siya sa mga kaibigan at sumunod kay Brian. Kitang-kita niyang seryoso ang hitsura nito. Pagkapasok nila sa isang bakanteng classroom ay hinarap niya ito.

“Hindi ko alam kung anong problema mo, pero sabihin mo na lang kung ano’ng sasabihin mo,” umpisa niya.

Huminga ito nang malalim bago siya tiningnan.

“Mhaya, I will tell you this once, so listen. Pareho nating hindi gusto ang mga nangyayari kaya pwede bang let’s just be civil? You know my academic status at ngayong huling sem, I have to get my grades up.” Tumigil ito nang ilang sandali. “Alam mo bang kaninang umaga ang thesis defense ko at na-distract ako sa kaingayan mo when I’m supposed to be ready for my defense?”

Natahimik siya. Tumingin siya kay Brian at nakita sa mukha nito na hindi maganda ang kinalabasan ng defense. Huminga siya nang malalim. Hindi niya alam ang sasabihin kaya nanatili siyang walang imik.

“Please, I’m asking you. Asarin mo na ako

sa ibang araw but not this time. Isang buwan na lang bago ang graduation at matatapos na rin ang parusa sa ‘yo,” seryong sabi ni Brian.

Natahimik siya ng ilang sandali.

“Sus! Akala ko kung anong engkanto ang sumanib sa ‘yo!” sabi niya para maitago ang pagkailang. “ ‘Yan! Kung sana kasi ginagamit mo ang salitang ‘please,’ baka hindi na kita awayin o kulitin...”

“Please?” biglang sabi nito.

Napatingin siya sa seryosong mukha ng binata.

“Fine!” bulalas niya.

Nakita niyang tipid na ngumiti si Brian bago magpaalam. Sa pagkakataong iyon ay naintindihan niya kung bakit ganoon kasigasig ang lalaki sa pag-aaral. Candidate ito for summa cum laude at magtatapos sa kursong accountancy. Alam niyang ginagawa nito iyon para sa mga yumaong magulang nito. Alam din niya ang pakiramdam na mawalan ng magulang kaya napag-isip-isip ni Mhaya tantanan muna ang binata.

Dalawang linggo na ang lumipas mula nang kausapin ni Brian si Mhaya. Laking pasasalamat niya dahil tumupad naman ito sa usapan nila. Tahimik lang ito kapag magkasama sila at hindi na siya nito inaaway o kinukulit. Nakapag-aral na din siya nang walang umiistorbo. Patuloy din niyang binabantayan ang dalaga. Sinasamahan niya ito kahit saan pumunta, mag-isa man o kasama ang mga kaibigan nito. Ikinagulat niya nang sabihin nito sa kanya na isama si Leo para hindi siya mabagot.

Nakauwi na sila galing sa mall nang muli niya itong kausapin. Tinitigan niya si Mhaya na nakaupo sa damuhan ng hardin nila.

“Mhaya, siguro panis na ‘yang laway mo dahil hindi mo ako kinakausap?” pabirong tanong niya.

Napatingin si Mhaya sa kanya. Pinandilatan siya nito. “Ambisyoso ka! Feeling mo naman ikaw lang ang kausap ko! Binigyan mo ako ng piso, remember?”

Umupo siya sa tabi nito.

“Siguro hinulog mo ‘yun sa wishing well at nag-wish na kausapin kita.”

“At kailan ka pa tinubuan ng isip para isipin na gagawin ko ‘yun? Ang mabuti pa, bumalik ka na sa kuwarto mo at mag-aral ka. Nerd!”

“Nerd na kung nerd! Bakit ikaw? Magna cum laude?”

Kailan lang ay napag-alaman niyang running for magna cum laude pala ito.

“May laman din pala ‘yang utak mo,” tukso niya.

“Tubig ang laman niyan” sagot ni Mhaya.

Natawa si Brian. “Sa lahat ba naman kasi ng magna cum laude, ikaw lang ang nakitang kong walang pakialam. Nagawa mo pang maglakwatsa kahit malapit na ang final exams. Ano’ng meron sa utak mo?”

“Tubig nga!” sagot nito. “Alam mo, hindi ko pinangarap ‘yang mga kakornihan na ganyan at wala akong pakialam kung magna cum laude man ako o hindi. Mind your own business kung ayaw mong isabotahe ko ‘yang pag-aaral mo!” banta nito. Tiningnan siya nito nang masama bago tumayo at umalis.

Natawa na lamang siya. Alam niyang may angking katalinuhan si Mhaya pero hindi niya

inaasahang magiging magna cum laude ito. Pa-easy easy lang kasi ang babae kaya sino ba naman ang mag-aakala na ganoon pala ito katalino?

Ilang araw pa ay natapos na ang huling exam nina Mhaya at Brian. Sumunod dito ay ang graduation nila. Unang na-schedule and graduation ng binata at sa ayaw o gusto niya ay dumalo sila ng daddy niya. Utos iyon ng kanyang ama kaya tiniis na lamang niya at malapit na ring matapos ang parusa sa kanya.

“Brian Mathew Francisco. Summa cum laude!” wika ng dean ng college nito. Tumayo sila at pumunta sa entablado para sabitan ng iba’t ibang medalya si Brian.

“Hindi ko akalaing ang dami mong binayaran para sa mga medalya mo. Congrats!” pang-asar na bulong niya bago bumaba sabay hagikgik.

Sa graduation niya ay gumanti naman si Brian.

“Hindi ko akalain, tinakot mo ‘yung teacher mo para itaas ang grades mo,” natatawang bulong nio sa kanya. Inismiran niya ito bago

bumaba.

Nagkaroon silang dalawa ng sabay na celebration sa bahay. Nalasing silang dalawa sa party at sabay na natulog sa sofa. Naikwento iyon ng kanyang ama pero hindi sila naniwala at umpisa na namang magsisihan. Kahit pa natapos ang parusa ni Mhaya ay umpisa na naman ng bago nilang bangayan.

“Batsilyer ng Sining sa Agham Pampulitika,” ulit ni Mhaya sa nakasulat sa diploma niya. Political Science ang kinuha niyang kurso. Tuwang-tuwa siya habang pinagmamasdan ang diploma. Unulit-ulit pa niya ang nakasulat doon habang naglalakad sa hallway. Dahil natatakpan ang muka niya ay hindi niya sinasadyang makabangga si Brian. Ito ang muli nilang pagtatagpo matapos ang party sa graduation nila.

“Ano ba ‘yan kumag! Sa laki ng mata mo, di mo ako nakita!” reklamo niya.

Nakita niyang hawak hawak din ni Brian ang diploma nito at nahulog ito sa sahig. Tumingin ito sa kanya. “Oy, baliw! Ang haba ng hallway,

sa lahat ng dadaanan mo dito pa!”

“Aba! At kasalanan ko ba kung dumaan ako sa hallway ng bahay ko?” nakapamaywang na sabi niya.

“Oo, bahay mo! Bakit sinabi ko bang bahay ko!” Pinulot nito ang nahulog nilang diploma. “So, ano’ng balak mo ngayon? Magiging politiko ka?” tanong nito.

“Matutulog ako! Pakialam mo ba!” asik niya sabay bawi sa diploma niya.

“Naku! Tamad nga talaga! Matulog ka na nga at sayang ang oras ko sa ‘yo.” Inayos nito ang diploma at dumiretso sa kwarto.

Inis na lumingon siya at sumigaw. “Hindi ako tamad!” Tumalikod siya patungo sa kanyang kuwarto nang makasalubong niya ang kanyang Yaya Sering.

“Yaya!” bati niya bago yumakap.

“Tawag ka ng daddy mo, hija. Nasa study room lang siya,” sabi ng katulong.

Yumakap siyang muli sa matanda bago nagtungo sa study room. Nais din niyang kausapin ang ama.

Nakaupo siya habang hinihintay na matapos sa pagpipirma ng mga dokumento ang ginoo. Ilang sandali pa ay natapos ito at humarap sa kanya.

“So, anak? What’s your plan now?” agad na tanong nito sa kanya.

“Well, Dad, wala pa akong plano pero...”

Natigilan siya dahil seryosong-seryoso ang hitsura nito.

“Brian will be going for a review for the CPA board exam. You? What would you do?”

Huminga siya nang malalim bago magsalita. “I don’t know yet. Pero sana mag...”

“Mag-eeenrol ka! You will take up a bussines related course,” sabad ng kanyang ama.

Napakunot-noo siya. “What? Dad, I can’t.”

“Yes you will. And it’s time you start learning how to handle our company.”

“No! I will not!” pasigaw na sabi niya.

Kalmadong nagsalita ang matanda. “Mhaya, pinagbigyan kita na PolSci ang kukunin mong course. Alam kong pinaglaruan mo lang ang

pag-aaral kahit pa naging magna cum laude ka. Now, susundin mo ang sasabihin ko. Anak kita at walang ibang mamamalakad sa kompanya kundi ikaw lang.”

“I will not!” napatayo siya sa kinauupuan. “I want to take up law!” bulalas niya na siyang ikinagulat ng kanyang ama.

Matiim itong tumingin sa kanya. “Take up law, ha? Oh baka magloloko ka lang! I know you, Mhaya, sooner or later paglalaruan mo na naman ang law school. It’s no good.”

Napailing siya. Bagaman ganoon ang pananaw ng kanyang ama ay alam niya sa sarili niya na hindi niya paglalaruan ang law school dahil pangarap niya ito at alam niyang hindi iyon maiintindihan ng matanda.

“But, Dad, please! Let me try,” wika niya.

“No buts, Mhaya! I let you off to do things you want, so it’s time you act like a mature woman and take the responsibility as my only daughter and the only heir to my company!” diretsong sabi nito.

Hindi siya makapagsalita dahil alam niyang nakapagdesisyon na ang ama niya.

Nagbabadyang tumulo ang kanyang luha kaya walang paalam siyang lumabas at nagtungo sa kanyang kuwarto kung saan ibinuhos niya ang sama ng loob.

So, I can't be a lawyer? bulong niya sa sarili.

Sa wakas! Malalayasan ko na ang lunatic na babaeng 'yun! sabi ni Brian sa sarili. Kasalukuyan siyang nag-eempake ng gamit para lumipat sa condominium na bigay ng Tito Romero niya bilang graduation gift. Lilipat agad siya para makapag-concentrate para sa board exam.

Tapos na rin ang pagsama ko sa babaeng 'yun! Makakatulog na rin ako ng mahimbing at walang mang iistorbo sa akin.

Tapos na siyang mag-ayos ng gamit at naisip kung magpapaalam siya kay Mhaya.

Hah! Bakit ako magpapaalam sa kanya. Matutuwa pa 'yun, baka pa magpa-party! Huwag na lang, saway niya sa sarili.

Lumabas siya ng kuwarto para magpaalam sa Tito Romero niya. Pagkalabas niya ay nakita niyang tumatakbo si Mhaya sa silid nito. Napakunot-noo siya. *Ano'ng meron sa kanya*

ngayon? tanong niya sa sarili.

Nagtungo siya sa study room at naabutang masama ang loob ng ama nito.

“Tito, may problema po ba?”

Nanatiling tahimik ang matanda.

“Si Mhaya po ba, Tito?” tanong niya.

Tumingin sa kanya ang matanda. Umayos ito ng upo at kinausap siya ng masinsinan bago siya umalis.